**FILIPINO 5**

Name: ______________________________ Date: ____________________
Grade: ______________________________ Section: ____________________

**Quarter: 1 Week: 2 LAS No. 2**

**MELC(s:**

1. Nagagamit nang wasto ang mga Pangngalan at Panghalip sa pagtatalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid. ( **F5WG-Ia-e-2)**

## Aralin 1: Pangngalan

Ang **pangngalan** ay salitang tumutukoy sa pangalan ng tao, bagay, pook, hayop, at mga pangyayari.

Halimbawa:

| Pangngalan | Gamit sa Pangungusap |
|---|---|
| Tao | Binigyan ng parangal si **Kaitlin** sa kaniyang mga natatanging obra sa pagguhit. |
| Bagay | Nanonood ng mga pambatang palabas sa **telebisyon** ang mga bata. |
| Pook | Pumunta ang mag-anak ni Mang Kanor sa **Divine Mercy Shrine, Lake Sebu, South Cotabato.** |
| Hayop | Binigyan ni Kuya Mike ng tinapay at gatas ang **kuting** na nasa labas ng aming bahay. |
| Pangyayari | Masayang nagsalo-salo ang aming pamilya sa pagdiriwang ng **kaarawan** ng aking lola. |

**Panuto**: Bilugan ang uri ng pangngalang tinutukoy sa loob ng panaklong.

1. Si Aira ay naligo nang maaga para pumasok sa kaniyang klase. (tao)
2. Nagbigay-pugay ang mga tao kay Dr. Jose Rizal sa Luneta Park. (pook)
3. Tuwing ika-labindalawa ng Hunyo ay ipinagdiriwang natin ang Araw ng Kalayaan. (pangyayari)
4. Nag-aalaga ng mga pusa ang aming kapitbahay. (hayop)
5. Nakakuha ng gintong medalya ang aking kuya sa paligsahan sa pagsusulat ng balita. (bagay)

## Lesson 2: Uri ng Pangngalan

Ang **pangngalan** ay bahagi ng pananalitang tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, o pangyayari. Ito ay nahahati sa dalawang uri, ito ay pantangi at pambalana.

**2 Uri ng Pangngalan**

**a. Pantangi** – ito ay tumutukoy sa mga tiyak na ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, o pangyayari.

Halimbawa:

| Tao | Hayop | Bagay | Pook | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| Arki | Bantay | Xerox | Koronadal city | Pasko |
| Kaitlin | Muning | Mongol | Tantangan | Araw ng mga puso |

**b. Pambalana –** ito ay tumutukoy sa mga karaniwan o di-tiyak na ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, o pangyayari.

Halimbawa:

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| anak | Bahay | panyo | bag | isda |
| pitaka | Parke | aklat | mag-aaral | Lapis |

LIVEWORKSHEETS

**A. Panuto**: Suriin kung anong pangngalang **pantangi** ang hindi dapat mapabilang sa pangkat. Gawing gabay ang mga pangngalang **pambalana** sa unahan. Kulayan ng dilaw ang kahon ng tamang sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 1. lungsod | Malabon | Tinajeros | Hulong Duhat | Gensan |
| 2. lalawigan | Manila | Bulacan | Quezon City | Navotas |
| 3. bansa sa Asya | Australia | Amerika | Pilipinas | Canada |
| 4. pangulo | Rodrigo R. Duterte | Gabby Concepcion | Manny Villar | Dingdong Dantes |
| 5. bayani | Jose P. Rizal | Piolo Pascual | Hyun Bin | Manny Paquiao |

**B. Panuto:** Ngayon, kilalanin mo kung anong pangngalang **pambalana** ang kaugnay ng mga **pangngalang pantanging** nasa unahan. Kulayan ng berde ang kahon ng tamang sagot.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 6. Angel Locsin | artista | mambabatas | manunulat | guro |
| 7. Apolinario Mabini | mambabatas | bayani | guro | artista |
| 8. Asya | bansa | lalawigan | kontinente | bayan |
| 9. Agosto | buwan | oras | araw | taon |
| 10. National Capital Region | bansa | lalawigan | rehiyon | bayan |

### Lesson 3: Panghalip na Panao

Ang panghalip na panao ay mayroon ding kailanan. Ang kailanan ng panghalip ay tumutukoy sa dami o bilang ng tinutukoy ng panghalip. Ang panghalip na panao ay maaaring:

1. Isahan- kapag iisang tao lamang ang tinutukoy ng panghalip.
2. Maramihan- kapag dalawa o higit sa dalawa ang ang tinutukoy ng panghalip.

Makikita sa ibaba ang talahanayan ng panghalip na panao.

| Panauhan ng Panghalip na Panao | Kailanan | |
|---|---|---|
| | **Isahan** | **Maramihan** |
| Unang Panauhan | ako, ko, akin | kami, tayo, naming, natin, amin, atin |
| Pangalawang Panauhan | ikaw, ka, mo, iyo | kayo, ninyo, inyo |
| Pangatlong Panauhan | siya, niya, kaniya | sila, nila, kanila |

LIVEWORKSHEETS

**Panuto:** Tukuyin at bilugan ang Panghalip na Panao na maaaring pamalit sa mga salitang nasalungguhitan sa bawat pangungusap.

1. "Magandang hapon po. Cristina Torres po ang pangalan ko. Ako po ang magdadala ng keyk na ipinagawa ninyo," sabi ni Cristina.
2. Nakikita mo ba ang babae na kausap ni Tito Joaquin? Siya ang may-ari ng bakeshop na pinuntahan natin.
3. "Andres, puntahan mo si Tito Joaquin. Ikaw ang hinahanap niya para tumanggap ng keyk," sabi ni Jet kay Andres.
4. "Ako at ang mga kasama ko po ang magtutugtog ngayong gabi. Saan po kami pupuwesto?" tanong ni Jay kay Amalia.
5. "Si Andy, Bea at Clara ang uupo sa entablado. Nakahanda na ang mga upuan nila roon," sagot ni Amalia kay Jay.

## Lesson 4: Uri ng Panghalip

Ang panghalip ay salitang inihahalili sa pangngalan.

Ilan sa mga uri ng panghalip ay ang mga sumusunod:

1. **Panghalip na pananong**- inihahalili sa pangngalan kung nagtatanong. Ang mga ito ay kumakatawan o pumapalit sa pangngalang itinatanong. Ang panghalip na pananong ay may kailanang isahan o maramihan. Nabubuo ang maramihan ng isang panghalip na pananong sa pamamagitan ng pag-uulit ng salita o uang dalawang pantig.

Halimbawa: sino, ano, kanino, alin, ilan, kailan - **isahan**
Sino-sino, ano – ano, alin-alin, ilan-ilan – **maramihan**

2. **Panghalip na pamatlig**- ay inihahalili sa pangngalang nagtuturo o naghihimaton ng lugar na kinalalagyan ng pangngalan.

Halimbawa: heto, dito, diyan, iyan, ayan, iyon, doon, hayun

3. **Panghalip na panaklaw**- ay ginagamit para tukuyin ang bilang ng pangngalan.

Halimbawa: bawat, anuman, ninuman, alinman, saanman, gaanuman, sinuman, saanman, lahat, marami, kapwa, ilan, pawang.

**Panuto:** Tukuyin at salungguhitan ang panghalip na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Kanina lamang ay bitbit niya ang payong, bakit kaya nawala iyon?
2. Sino ba ang dapat managot sa paglaganap ng epidemya?
3. Anuman ang mangyayari, magtutulungan pa rin ang mga mamamayan upang tuluyang masugpo ang pagkalat ng epidemya.
4. Ano ba ang nararapat gawin upang sumunod ang mga tao sa pinaiiral na *social distancing*?
5. Dito lamang sa ating bayan ang hindi nagpatupad ng *No Movement Day*.

**Prepared by:**
Guro Ako

LIVEWORKSHEETS